Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna
OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

upang maging daluyan ng mga dumi ng hayop. Gayundin ay iminungkahi niya na ipagbawal ang pagpapadaloy na anumang dumi ng hayop sa kanal o bambang. Kaya't ang:

KAUTUSANG BAYAN BLG. XLVIII-'88
(Sa mungkahi ni Kag. Puzon na pinangalawahan ni Kag. Gironella)

IPINASISIYA tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan at ngayon nga ay IPINASIYA ang mga karagdagang panuntunang susundin ng mga mamamayang Taga-Santa Rosa na nagsisipag-alaga ng baboy a anumang hayop na kauri nito na tutugon sa sumusunod na kautusan:

Sek. 1 - Ipinagbabawal ang pagpapadaloy ng dumi at ihi ng baboy o kauring hayop sa kanal o bambang na dumadaloy sa mga pamahayan;

Sek. 2 - Ang mga nagbabahuyan o nag-aalaga ng hayop na kauri nito ay nararapat magpagawa at gumamit ng poso negro o maayos na hukay na magsisilbing daluyan ng dumi o ihi ng hayop;

Sek. 3 - Ang mga naghahanapbuhay ng katulad ng nabanggit ay nararapat tumupad sa mga batas na itinatadhana ng HLRC;

Sek. 4 - Ang sinumang lalabag sa kautusang ito ay magmumulta ng salaping nagkakahalaga ng ISANG LIBONG PISO (₱1,000.00) o pagkapiit sa bilangguan ng di hihigit sa anim na buwan.

Ang Kautusang Bayang ito ay magkakabisa matapos na maipaskil ang kautusang ito sa mga lugal na madaling makita ng mga mamamayan sa loob ng sampung (10) araw.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punumbayan

Isang liham naman ang binasa ng kalihim mula kay G. Carlos Ilustre, Civil Security Officer na humihiling ng karagdagang palaan sa dahilang ang anumang palaan para sa pagpapalaman ng limang silindro ng fire extinguisher ng pamahalaang bayan ay di tumatama sa nararapat na kemikal na kinakailangan ng pamahalaan. Sinabi rin niya ang mga kasahulan (disadvantage) ng "powder form" fire extinguisher. Matapos pa ang pagpapaliwanagan ay pinagtibay ang:

APPROVED:
RESOLUTION No. 177-'89
PROVINCIAL BOARD
April 12, 1989

ROBERTO R. GONZALES, Punumbayan
ANTONIO B. DICTADO, Pangalawang Punumbayan
EMILIO M. TIONGCO, Kagawad
ADELO T. PEREZ, Kagawad
RUFINO P. TAPANGCO, Kagawad
ANTONIO G. DUNGAO, Kagawad
ERIC T. PUZON, Kagawad
AVELINA R. GIRONELLA, Kagawad
URIEL T. MANGAHIS, Kagawad
RESTITUTO C. ALMODOVAR, Kagawad